2nd Story

Kapanganakan ni Jesus

Jesus's Birth

www.kidworship.kr

Kapanganakan ni Jesus

– 2nd Story –



NAR	Isang anunsyo ang ginawa na ang lahat, ay kailangang pumunta sa kanilang bayan. Nais ni Caesar Augustus na gumawa ng isang listahan ng lahat ng pinamumunuan niya. Kaya, umalis sina Jose at Maria sa Galilea at naglakbay patungong Betlehem. Si Maria ay malapit ng magkaroon ng isang sanggol, kaya kailangan nilang kumilos nang mabilis. Halika asno! Hindi maaring manganak si Maria ditto!
Jose	Halika asno! Hindi maaring manganak si Maria ditto!
NAR	Naghahanap sila ng isang lugar upang manatili sa Bethlehem. Pagkatapos, nagsimulang sumakit ang Tiyan ni Maria. Lalabas na ang batang si Jesus.
Maria	Ooow! Jose! Manganganak nakooo! Araaaaay!
Jose	Ha! Ano- Paano ang gagawin natin!?
NAR	Sinubukan ni Jose na makahanap ng isang silid para sa kanila na mapaglilipasan nila ng gabi, ngunit lahat ng ito ay puno.
Jose	Maari bang mag tanong? mayroon pa bang bakanteng silid?
Landlord	Wala! Hindi mo ba nababasa?
Jose	Tao poooo! May bakanteng silid pa ho ba kayo?
Landlord 2	Wala na, nahuli kana ng dating.
Jose	Ano? Paumanhin ngunit, may reserba pa ba kayong silid na maari naming magamit? Ang aking asawa ay manganganak na!
Landlord 3	Wala, Wala nang bakanteng silid dito.
Jose	Kahit maliit na silid lamang?
Landlord	Wala.
Jose	Kahit maliit na imbakan lamang?
Landlord 3	Wala.
Jose	Mayroon ba kayong bakanteng daan?
Landlord 3	mister ... Tumigil kana! Umalis kana!
NAR	Naghanap pa si Jose kung saan saan. Walang silid sa buong bayan ng Bethle-hem. Sa wakas, ay dumaan sila sa isang kuwadra.
Jose	Dito? Ito ay isang kuwadra!







Maria	Oo! Dito!
Jose	Sige.
NAR	Kaya ipinanganak ni Maria si Jesus sa kuwadra na napa-paligiran ng mga hayop. Mga asno, tupa, at kamelyo.
Maria	Ang Sanggol na si Jesus.
Jose	Napakaamo ng kanyang Mukha.
NAR	Nagpapasalamat sina Maria at Jose sa kuwadra. Pinasalamatan nila ang Diyos para sa sanggol na si Jesus. Biniyayaan sila ng isang anak na lalaki. Ang anak ng Diyos. Mayroon ding mga pastol na malapit sa kuwadra kung nasaan si Maria at Jose. Nag-aalaga sila ng kanilang mga tupa nang magpakita sa kanila ang mga anghel.
Angel	Oh yeah!
Angels	Sa Diyos lahat ang kataastaasang papuri.
Sheperds	AHHHHHHHHHH!
Angel	Whoa, whoa! Huwag kayong matakot sa amin! Dumating kami upang sabihin sa inyo ang magandang balita upang maibahagi sa lahat. Ngayon, sa lungsod ng Bethlehem, isang tagapagligtas ay ipinanganak. Ang tagapagligtas ng sanlibutan na si Kristo na Panginoon. Mahahanap ninyo siya sa kamalig, na nakabalot ng isang kumot sa mga bisig ng kanyang ina.
Sheperds	Huh? / Ano?
NAR	Namangha ang mga pastol sa sinabi ng mga anghel. Nag-pasya silang pumunta at makita ang sanggol na ito sa ku-wadra. Nang makarating sila sa kuwadra, sinabi nila kay Maria at Jose ang narinig nila mula sa mga anghel, at namangha rin sina Maria at Jose.

(Lucas 2:10-11)

“At sinabi sa kanila ng anghel, Huwag kayong mangata-kot; sapagka't narito, dinadalhan ko kayo ng mabuting balita na may hatid na malaking kagalakan, na siyang sasabuong bayan. At ito ang sa inyo'y magiging pinakatanda: Masusumpungan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang sabsaban”